


"Hayun, Kuya Ted! Iyon ang puno na may mga mangga na hinog. Puwede na pitasin at kainin ang mga mangga, 'di ba?" sabi ni Tom.


Tumingin si Ted sa puno na itinuro ng kapatid niya na si Tom.

"Tama ka, Tom. Maraming bunga ang puno na iyon. Pero hindi mo ba nahalata na iyon ay nasa loob ng bakuran ni Mang Pedro? Nasa lupa niya ang puno, kaya siya ang may-ari nito. Sa kanya rin ang mga mangga," sabi ni Ted.




"Pero Kuya, kayang-kaya mo akyatin ang bakod niya. Pagkatapos, umakyat ka sa puno at kumuha ka ng mangga. Kahit tig-isa lang tayo. Hindi naman mahahalata ni Mang Pedro at gutom na ako, Kuya!" pilit ni Tom.

"Tom, pagnanakaw ang sinasabi mo. Masama ito. Mahirap tayo pero hindi tayo mga magnanakaw. Hindi ba ito ang laging sinasabi ni Mama sa atin?" pangaral ni Ted kay Tom. Malungkot na tumango si Tom, ngunit biglang may naisip siya.





Pumunta si Tom sa harap ng bahay ni Mang Pedro. "Tao po! Mang Pedro! Tao po!" sigaw ni Tom. Mayamaya ay lumabas sa kanyang bahay si Mang Pedro at kinausap ang dalawang bata.





"Magandang umaga rin sa inyo. Ah, oo. Mga anak kayo ni Aling Linda. Kilala ko ang nanay ninyo. Ano ang maitutulong ko sa inyo, mga iho?" tanong ni Mang Pedro.








"Tama ka, Tom. Masasayang lang ang mga bunga. Mabuti naman at naisipan mo iyan. Tuloy kayo sa loob ng aking bakuran. Kukunin ko ang panungkit at mga bag para sa mga mangga na pipitasin ninyo."

anut-santo

Pinayagan ni Mang Pedro na umakyat sa puno si Ted. Dala ni Ted ang panungkit. Si Tom naman ay tumayo sa ilalim ng puno para isalo ang mga mangga na sinungkit ni Ted. Inilagay ni Tom ang mga ito sa dalawang bag na ibinigay ni Mang Pedro.



Pinitas ni Ted ang lahat ng mga mangga na hinog na o malapit nang mahinog. Noong natapos na sila, iniabot ni Tom kay Mang Pedro ang dalawang bag na puno ng mga mangga.



"Kunin mo na iyan, Tom. Dalhin mo sa pamilya mo. Iyan na ang pasasalamat ko sa tulong ninyo," sabi ni Mang Pedro. Nagulat ang mga bata sa kabutihan ng matanda. "Maraming salamat, Mang Pedro!" sabay na sabi nila.

Habang pauwi na ang magkapatid na dala ang mga mangga, nagsalita muli si Tom. "Kuya, nakinig ako sa mga payo ni Mama. Masama ang magnakaw pero hindi masama ang magtanong!"





 Ano ang ipinakita ni Tom sa kanyang kuya na si Ted?

puno na may hinog na niyog

puno na may hinog na bayabas

puno na may hinog na mangga



- 2. Bakit si Mang Pedro ang may-ari ng puno at mga bunga nito?
 - Dahil ang puno ay nasa lupa ni Mang Pedro.
 - Dahil si Mang Pedro ang pinakamatandang tao sa kalye.
 - ☐ Dahil hindi mapagbigay si Mang Pedro.





- Humingi si Ted ng dalawang mangga kay Mang Pedro.
- Bumili si Ted ng dalawang mangga sa palengke.
- Akyatin ni Ted ang bakod at kumuha ng dalawang mangga.



4. Ayon kay Kuya Ted, ano ang gawain na masama?

ang pagnanakaw

ang paghingi ng tulong

ang pagtanong sa ibang tao



- 5. Ano ang mungkahi ni Tom kay Mang Pedro?
 - Bigyan siya at si Ted ng tig-isang mangga mula sa puno.
 - Tutulong sila sa pagkuha ng mga mangga sa puno.
 - Ibigay sa kanila ang lahat ng mangga sa puno.



- 6. Paano nagtulungan ang magkapatid sa pagpitas ng mga mangga?
 - Si Tom ang umakyat ng puno at si Ted ang tagasalo ng mga mangga.
 - ☐ Si Ted ang umakyat ng puno at si Tom ang tagasalo ng mga mangga.
 - Pareho silang umakyat ng puno.




- 7. Paano nagpasalamat si Mang Pedro sa magkapatid?
 - Ibinigay niya ang isang bag ng mangga.
 - Ibinigay niya ang dalawang bag ng mangga.
 - ☐ Ibinigay niya ang panungkit ng bunga.





- Huwag magsinungaling sa nakatatanda.
- Maging mapagbigay sa kapuwa.
- Huwag matakot kung ikaw ay may katanungan.





10. May payo ba sa iyo ang iyong tatay o nanay na hindi mo makakalimutan? Ano ito? Bakit mabuti para sa iyo ang payo nila?

Samut-samot

Story written by Pia Noche of samutsamot.com

Click the links below to go to the sites of the artists:





People clipart by Kari Bolt

https://www.teacherspayteachers.com/Store/Kari-Bolt-Clip-Art

Mango tree: Background vector created by brgfx - www.freepik.com

Backyard with fence: Cartoon Backyard Vectors by Vecteezy

House façade: Background vector created by vectorpouch - www.freepik.com

Nature background: Nature Vectors by Vecteezy

Sliced mango clipart: Food vector created by freepik - www.freepik.com

Wallpaper: Background vector created by rawpixel.com - www.freepik.com

Samut-samot

Terms of Use

Go to samutsamot.com for the complete Terms of Use.

- This product is for non-commercial on-screen viewing only. It is not a printable product.
- This product is for personal/home and in-person or online classroom use.
- Distribution of this product for free, for profit, or for any commercial purpose is prohibited.
- Uploading this product to other websites, where it can be accessed and viewed by the public, is prohibited.
- Editing the product or copying parts of it is prohibited.
- Printing and distributing the printouts or photocopies of this product are prohibited.
- The artists credited in the Credits section own the copyrights to the clip art images and backgrounds used in this product. Extracting or copying their work from this product is also a violation of their copyrights.